# Iilang Aral Mula sa Bayan ng Hakuna Matata:
## Paghambing ng mga Suliraning Panlungsod ng Metro Nairobi at ng Metro Manila

**José Edgardo A. Gomez, Jr.**
Paaralan ng Pagpaplanong Urban at Rehiyonal
Unibersidad ng Pilipinas, Diliman

## ABSTRAK

Parehong luklukan ng punong-lungsod ng mga umuunlad na bansa ang mga metropolis ng Nairobi at Maynila, at parehong humaharap sa mga suliranin ng urbanisasyon, malubhang kahirapan, at nasisirang kapaligiran. Ngunit dahil sa magkaibang heograpiya, kasaysayan, at patakaran ng pamahalaan, mayroon silang mga kakaibang katangian ng pag-unlad at paglapit sa urbanisasyon. Layuning ng papel na ito ang paglarawan at paghambing sa mga kabiserang ito at bigyang diin ang kontekstong pangkaunlaran, kahirapan sa lipunan, at uri na pamamahala sa kalikasan sa Metro Nairobi at Metro Manila, mula sa nasaksihan ng manunulat doon.

Mga susing salita: Metropolitanisasyon, Nairobi, Manila, Kapaligiran, Gamit-Lupa, Kahirapan

As the seats of the national capitals of countries in the developing world, Nairobi and Manila both face the challenges of urbanization, dire poverty, and environmental degradation. However, because of differences in geography, history, and frameworks of government policy, they each display distinct growth characteristics and approaches to urbanization. It is the goal of this paper to make a description and cross-country comparison--seldom done betwefen an African and a Southeast Asian City, with particular emphasis on the developmental context, societal impoverishment, and type of environmental governance in Metro Nairobi and Metro Manila, based on eye-witness experiences and an analysis of the author when he traveled to both of the metropolitan areas that have since expanded out of the original capital cities.

Keywords: Metropolitanization, Nairobi, Manila, Environment, Land Use, Poverty Profile

## I. Pambungad at Konteksto

Kabisera ng Kenya ang Nairobi,[1] ang pinakamalaking siyudad sa bansa na katumbas din ng mas malawak na metropolis, o Metro Nairobi, na nagsisilbing pangunahing lungsod sa bansang iyon. Mahalagang sentro ng pangangalakal at administrasyon para sa buong Silangang Aprika ang Nairobi, sapagkat dito rin matatagpuan ang kuwarteles ng U.N.-Habitat, ang pandaigdigang organisasyon para sa pagtaguyod ng mga maayos na pamayanang pantao, at iba pang mga mahalagang organisasyon, tulad ng UNEP.[2] Kaparis ng mga ibang lungsod sa mga umuunlad na bansa, kailangan ng Metro Nairobi na harapin ang mga pénomenong urban tulad ng pagdami ng tao, trápiko, at basura. Subalit dahil sa iilang problemang kakaiba, tulad ng pagiging tahanan ng isa sa pinakamalaking kumpulan ng mga mahihirap—at ng kanilang mga barong-barong, kasabay ng pagiging responsable para sa isang parke para sa proteksyon ng mga hayop at halaman ng Silangang Aprika, higit na interesante ang lungsod na ito bilang modelo ng pagpupunyaging urban.

Bukod pa rito, dapat banggitin na sa Metro Nairobi, ang mga pwersa ng urbanisasyon ay nakabatay din sa pinaggagastusan ng mga pulitiko—madalas ayon sa pangkat-etniko na pinanggagalingan nila. Mapapansin ito sa kinikilalang mahigpit na pamumuno ni Jomo Kenyatta (1964-1978) na tumangkilik sa mga Kikuyu, at sa mas malupit na pamumuno ni Daniel Arap Moi (1978-2002) na humilig sa mga Kalenjin (Mueller, 201).[3] Kasalukuyang bumabangon mula sa kahirapan ang buong bansa sa ilalim ng pangatlong pangulo, si Mwai Kibaki—isang Kikuyu ulit, mula sa pinakamalaking tribo sa Kenya na sumasakop sa mga bayan sa hilaga ng bansa. Bilang tanda ng pag-unlad, masasabing ang mga pangyayari at suliranin sa Metro Nairobi ay sumasalamin sa mas malawakang urbanisasyon na unti-unting nagaganap sa bansang iyon. Dahil dito, nagiging isang interesanteng kaso para ipaghambing sa sariling karanasan ng urbanisasyon sa Pilipinas. Binuo ang saliksik na ito mula sa mga aral na napulot ng manunulat sa kanyang pagbiyahe sa nasabing lungsod, na sinundan ng paghahambing nito sa mga hamon ng urbanisasyon ng Kamaynilaan.

Tulad ng Nairobi, kabisera ng Pilipinas ang Manila, na siyang nagbigay din ng pangalan sa higit na malaki at pumapalibot na punong rehiyon o *National Capital Region (NCR)* ang Metro Manila o Kamaynilaan, na binuo noong 1975 ayon sa batas P.D.824, mula sa 17 pamahalaang lokal; na sa kalaunan ay naging 16 lungsod--kabilang ang nabanggit na Manila, at isang munisipyo. Sentro ng komersiyo at edukasyon ang Metro Manila, at bagsakan ng iba't ibang ani mula sa lalawigan, lalo na ng isla ng Luzon kung saan ito matatagapuan. Gaya ng ibang metropolis, nararanasan din ng Metro Manila ang mga problema ng urbanisasyon tulad ng siksikan ng masikip na trapiko, pagkalat ng basura, at taunang pagbaha. Bagaman nasa rehiyon ng mga Tagalog ang kabisera, masasabing tunay na *melting pot* ang lugar na ito ng samu't saring pangkat-etniko mula sa iba't ibang rehiyon sa bansa. Layunin ng papel na ito ang paglarawan at paghahambing sa mga piniling aspekto ng urbanisasyon ng Metro Nairobi at Metro Manila sa konteksto ng pag-unlad ng mga bansang mahirap, upang mabigyang-diin ang ilang mahalagang bagay na pwedeng tularan o iwasan sa Pilipinas. Isa rin itong pagpapakilala ng isa sa mga mahahalagang lungsod sa Silangang Aprika. At bilang unang paglapit sa mambabasang Filipino, maaari nating tandaan na ang rehiyong ito ay pinagmulan ng ekspresyong Swahili: "Hakuna Matata" na nauso dahil sa pambatang pelikulang *"The Lion King"* ng Disney Films, at nangangahulugang "Walang Inaalala"—isang paglalarawan sa masayahing pagharap sa suliranin ng mga taga-roon.

## II. Metodolohiya

Bunga ng maikling saliksik sa Nairobi at Metro Manila ang artikulong ito at gumagamit ng kwalitatibong metodolohiya upang bumuo ng komparatibong paglalarawan na nakatuon sa pinakalantad na aspekto ng gamit-lupa at urbanisasyon ng mga nasabing lungsod. Nakabatay ang paglapit ng saliksik sa tatlong pangunahing metodo: (1) mga panayam sa mga eksperto o pinuno ng mga komunidad; (2) ang pagsagawa ng fildwurk, sa pamamagitan ng biswal na sarbey habang naglalakad sa mga distrito ng mga maralitang taga-lungsod at habang nagmamaneho sa mga parke, kasabay din ng pagtala ang mga obserbasyon, at (3) ang pagsagawa ng isang rebyu ng mga batas o patakaran na naaayon sa diskusyon at analisis. Ginamit ang unang metodo para malaman ang ganap na kalagayan ng mga residente, lalo na ang mga mahihirap, sa kabila ng patuloy na urbanisasyon: ang mga taga-roon mismo ang nagsalaysay tungkol sa mga karanasan at hangarin nila, ayon sa kanilang perspektibo—isang batayang gawain sa sosyolohiyang urban upang linawin ang mga paksang matimbang para sa mga naninirahan. Ginawa rin ito sa Metro Manila, bagaman higit na ibinabatay sa mga nakalap na pangalawang literatura lamang at ilang hindi-pormal na panayam sa mga taga-organisa para sa pabahay ng Taguig at Quezon City.

Para naman sa pagpapatunay sa pisikal na kalagayan ang ikalawang metodo. Isa itong paraan ng pagbuo ng hitik na larawan ng urbanisasyon sa isang kontekstong Aprikano, habang sa Metro Manila, higit na maraming pisikal na sarbey ang nagawa sa pamamagitan ng madalas na paglakad ng awtor sa mga distrito ng Lungsod ng Maynila, Pasay, Makati, Muntinlupa, at Quezon, pati na rin ang paggamit ng sasakyan (*windshield survey*) para daanan ang mga malalayo o mapanganib na lugar na kasama sa larawang urban.

Ang ikatlong metodo naman ay nagsisilbing tagapagtaguyod ng balangkas ng interpretasyon, dahil maraming uri ng pag-unlad sa isang lungsod ay itinatakda o ipinagbabawal ng mga prosesong legal. Makikita sa iilang piling alituntunin kung paano naiimpluwensiyahan ang pagtrato sa kapaligiran, ang gamit-lupa, at ang teknolohiya ng pagtayo ng gusali, bahay, atbp.

Kabilang din sa nasabing metodolohiya ang sumunod na pagkalap ng mga pangalawang literatura upang masuportahan ang mga sariwang datos na napulot sa paglibot ng mga lungsod. Naging higit na kapaki-pakinabang ang pagtuklas ng impormasyon hinggil sa Aprika mula sa mga ulat, journal, at libro pagtapos ng pag-uwi ng awtor sa Pilipinas, dahil sa hangganan ng kakayahang manumbalik sa Aprika, na tatalakayin sa susunod na bahagi.

## III. Limitasyon at Saklaw, Halaga ng Saliksik

Tungkol sa urbanisasyon at kapaligiran ng mga lungsod ang akdang ito. Saklaw ng pananaliksik ang kabuuan ng Nairobi at Metro Manila, at ang kanilang mga proyektong urban mula Agosto 2009 hanggang Disyembre 2010. Dahil sadyang limitado ang oras at badyet para sa fildwurk sa Kenya noong 2009, masasabing may limitasyon ang mga obserbasyon ng saliksik na ito, dahil hindi na masundan ng dagdag na fildwurk. Gayumpaman, sinikap ng awtor na patuloy na makipag-ugnayan sa mga ibang propesor sa Unibersidad ng Nairobi upang humingi ng karagdagang kaalaman. Habang ang pag-

aaral naman sa Kamaynilaan ay naganap noong 2010 at may apdeyt hanggang sa katapusan ng 2012.

Inaasahan pa rin ng may-akda na magiging mahalagang kontribusyon ang artikulo bilang hindi-karaniwang paghahambing sa urbanisasyon sa Pilipinas at sa Kenya. Maaari rin itong maging ambag sa maliit na kaban ng kaalaman hinggil sa mga karanasan ng mga Pilipinong mananaliksik sa Aprika.

## IV. Rebyu ng Kaugnay na Literatura

### *Urbanisasyon sa Aprika*

Dumadami ang bilang ng mga pag-aaral tungkol sa "Katimogan"—ang mga bansang bumabangon pa mula sa kahirapan at ang mga bukod-tanging aspekto ng pag-unlad nila, kasama na rin ang paglarawan sa politika at gamit ng espasyo sa mga lungsod nila (Rao 1).[4] Isang mahalagang bahagi nitong pag-unlad ay ang urbanisasyon, lalo na sa mga bansa sa Aprika dahil sa mga ibinungang urbanisasyong labis ang tulin. Sa mga bansang iyon, binubuhos ng gobyerno ang mga panustos sa sektor-urban. Samantalang ang mga nakatira sa mga lungsod ay lumalamang sa pagtanggap ng mga serbisyong pampubliko (Hope n.p.),[5] madalas ay hindi pa rin sapat ang paghatid ng tulong ng pamahalaan. Nangyayari ito dahil sa napakabilis na pagdami ng tao, gawa ng likas na paraan o ng paglipat mula sa kanayunan. Maraming kailangang bigyan ng pansin, tulad ng pangongolekta ng basura, trapiko, at ang pagtayo ng maayos na sistema ng patubig at alkantarilya bago mag-2030 (African Development Bank 1-2).[6]

Para maintidihan itong pénomenon ng urbanisasyon sa Aprika, kailangang mabalikan ang isang makulay na kasaysayan at ang impluwensiya ng tatlong pwersa: ang kalakal, ang mga gawain ng mga misyonero, at ang pamamahala ng gobyernong kolonyal. Ang mga misyonero ay nagpalaganap ng pananampalatayang Kristiyano at mga kaugalian ng mga taga-Kanluran, pati na rin ang mga ideya ng mga lungsod, na siya rin namang umusbong dahil sa pagkalat ng mga sangay ng administrasyon. Ngunit ang orihinal na kinatatayuan ng mga sentro ay ang mga poók para sa pangangalakal, na madalas din gawing himpilan ng isang pamahalaan upang ihatid ang mga serbisyong urban kasabay ng masinop na pagbantay sa teritoryo. Ganito ang naging kwento ng Nairobi, na dating estasyon lamang ng tren, ngunit nasa estratehikong lugar—ang gitna ng malawak na lupaín, at nasa paanan ng mga burol na paakyat sa taniman ng tsaa at ibang hasyenda ng mga Inglés. Matatagpuan ang pagtakdang Nairobi bilang pamayanan sa taong 1899, nang madaanan ito ng riles mula sa baybayin ng Mombasa patungo sa mga mayaman na kalikasan ng Uganda sa kanluran. Nilipat ng mga Inglés ang kanilang kabisera sa nasabing lungsod noóng 1908, at mula noón nag-umpisa na ang mabilis na pagdami ng tao (Gugler 1),[7] na ngayon ay umabot na sa 3,000,000 mahigit kumulang—ang pinakamalaking lungsod sa Silangang Aprika bago pa nakamit ng mga taga-Kenya ang kanilang kasarinlan noóng 1963. Nasa 2.6% ang bilis ng pagdami ng tao sa Kenya,[8] mas mataas pa sa Tanzania (2.04%), halos kapantay ng Uganda (2.69%) at mas mahina kaysa Ethiopia (3.2%), ngunit hindi pa tiyak na nabibilang dito ang mga tao na galing sa mahigit na isang dekadang pagsalo sa mga tumakas mula sa Somalia, Sudan, at iba pang karatig-bansa na niyayanig ng digmaan (Campbell, 399),[9] Nasa aksis ng hilaga't-timog ang direksyon ng urbanisasyon sa Kenya, mula sa Nairobi, lungsod na nasa gitna at timog ng bansa (Otiso at Owusu 149).[10] Sinusundan ng urbanisasyon ang pagbukas

ng mga lupang mayaman, kung saan bumubulusok ang sapat na ulan, na matatagpuan sa timog ng bansa. Kumakalat din ang kabahayan at ang buhay-urban sa matataas na lugar na hindi masyadong mainit.

## *Urbanisasyon sa Timog-Silangang Asya*

Kumpara sa urbanisasyon sa Aprika, higit na mabigat ang pagdami ng populasyon sa mga bansa ng Timog-Silangang Asya, dahil mas mahaba at makulay ang tradisyon ng pagpapatayo at pagpapalawak ng mga pang-komersiyong siyudad ng mga nangangalakal na kapwa-Asyano (hal. mga taga-Tsina at India) at mga nananakop na Europeo mula noong ika-6 hanggang ika-19 na siglo (Osborne, 18-40). Dagdag pa rito, may kawalan ng mga mapanganib na hayop at sakit sa mga pamayanan ng Timog-Silangang Asya. Ayon kay Mcgee (22-26),[11] maraming lungsod sa rehíyon na ito ang nagmula rin sa mga sentro ng pangagalakal sa dalampasigan, na sinapian lang ng mga kolonyal na estruktura at pamahalaan. Maliban sa Pilipinas, banayad ang impak ng mga misyonerong taga-kanluran, ngunit malaki ang impluwensiya ng mga ibang relihiyon tulad ng Buddhismo, Islam, at Hinduismo sa ibang bansa, na nagkaroón ng ugnayan at digmaan bago pa dumating ang mga taga-Europa sa Asya.

Ayon sa NSO, ang populasyon sa Pilipinas ay lumaki ng 2.04% mula 2000 hanggang 2007, isa sa mga pinakamataas sa rehíyon.[12] Nasa 1.957 ang tantiya ng nakaraang taon; mataas pa rin, ngunit hindi kasing lalà ng Laos (2.32%), o ng Timor-Leste (2.027%),[13] Ang dami ng mga tao sa Timog-Silangang Asya ay nakatutulong sa paglakas ng ekonomiya ng maraming bansa, lalo na kung mayroon silang napag-aralan na pwedeng gamitin sa mga makabagong industriya. Dahil malapit ang mga malakas na ekonomiya ng bansang Hapon at ng Tsina na tumutulak sa kalakal sa Asya, at dahil mas mapayapa, o masasabing walang digmaan sa pagitan ng mga bansa sa rehiyon, walang labis na sagabal sa mabilis na palitan ng mga ideya at teknolohiya na nagpapatingkad at nagpapalago ng pamayanang-urban. Samakatuwid, maraming dimensyon ng pakikipag-ugnayan ang nagaganap na sa rehíyon na ito, na siya ring humuhubog sa mga kabisera at ibang pangunahing bayan.

## *Buhay sa Lungsod Aprikano: Mga Proseso at Espasyong Pormal at Hindi-Pormal*

Tulad ng ibang mga mahihirap na bansa, mayroon ding tinatawag na hindi-pormal na sektor ng pamayanan ang Kenya. Dahil hindi kaagad matugunan ng gobyerno ang mga pangangailangan ng mamamayan, nagkakaroon ng tinatawag na ekonomiyang duwalistik na kakambal ng mga pormal na proseso ng paghatid ng mga serbisyo't bilihin. Pinagmulan ng ideya ng magkapares na proseso ng paggawa ang mga naunang klasikal at neo-klasikal na teoriya (nina David Ricardo at Karl Marx) tungkol sa ekonomiyang *dual*, na nahahati sa nag-uumpisang malawak na produksiyon ng agrikultura at tinatapatan ng produksiyon ng industriya o mga pabrika. Madalas na nauuwi ang paglago ng mga ekonomiyang ito sa paghati ng hindi-pormal na pagawaan ayon sa tradisyon sa agrikultura, at ang pormal na pagawaan na tulak ng teknolohiya na hawak ng mga mga may-ari ng lupa sa isang lipunan (Silverman 2). Ayon naman sa ibang may-akda, ang pagkakaroon ng dalawa o magkakambal na ekonomiya sa isang bansa ay bunga ng pamana ng kolonyalismo. Ito

ay nagtaguyod ng mga estruktura para sa proseso ng paggawa at ng empleyo, na bukod sa mga dati pang walang-balangkas na palitan sa mga merkadong katutubo (Itagaki 145, 156). Gayundin, madalas itong nahahati sa hindi-pormal na bilihan/bentahan at pormal na proseso. Higit na kapansin-pansin ang ganitong mga ekonomiya sa mga malalaking bayan, dahil dito naghahanap ng pansamantala o permanenteng trabaho ang mga taga-bukid, lalo na kapag sila'y tumatakas sa mga kalamidad tulad ng matinding tagtuyot o ng armadong labanan. Matatagpuan sa loob ng nasabing hindi-pormal na ekonomiya ang mga *entrepreneur* at mga kababaihan na nagtratrabaho sa estado ng walang katiyakan. Dahil dito, hindi maiwasang magkaroon ng ligalig, lalo na pagdating sa mga isyu ng pabahay, patubig, at paghahanapbuhay sa Nairobi (Macharia 159-160),[14]

Ang ugat nitong ligalig o kakulangan ng seguridad ay isa pang mahalagang aspekto ng buhay-urban sa mga bansa ng Aprika, sapagkat nagiging basehan siya ng mas malawak na isyu o gulo na may kinalaman sa paggamit ng teritoryo. Ipinamumudmod, halimbawa, ng mga pulitiko ang mga titulo o karapatan sa lupa para makuha ang suporta ng mga taong-bayan, lalo na tuwing halalan. Nakikita sa mga ganitong sitwasyon ang halaga ng lupa sa siyudad bilang instrumentong pampulitika para sa kontrol ng masa (Kanyinga 7).[15] Kung mayroon mang mga organisasyon na pwedeng mamahala sa paghati at paggamit ng lupa, hindi ito palaging nakikilala bilang pormal na institusyon, tulad halimbawa ng komite sa nayon o lupon ng mga nakatatanda, na siyang nagiging kaban ng kaalaman at tagapamagitan kapag may alitan tungkol sa karapatang-ari (Onoma 148-149).[16] Sa kabilang dako, nababanggit din sa literatura na makatutulong sana ang pagkaroon ng kaayusan sa administrasyon ng lupa sa mga urban at peri-urban na lugar sa Nairobi. Tumutulak kasi ang pormalisasyon sa paggana ng merkado ng lupa, at madalas nagkakaroon din ng mga benepisyong pangkabuhayan ang mga sumasali sa lantad na ekonomiya--ibig sabihin, ang malayang merkado na hindi kinabibilangan ng mga patago na proseso ng pangangalakal o ng mga monopolyo. Kabilang na rin sa mga solusyon ang pagkaroon ng lantad na estruktura at maaasahang proseso, kahit sa mga "haybrid"—mga bilihan o upahan ng lupa na may halo ng pormal at hindi-pormal na palitan (Hendriks 31-32).[17]

## *Buhay sa Lungsod-Asyano: Espasyong Hinuhubog ng Kalakalan at Pamahalaan*

Hindi gaanong naiiba ang karanasan ng mga taga-silangan, dahil nararanasan din dito ng mga kabisera at malalaking lungsod ang pagdagsa ng mga mamamayan mula sa kanayunan. Umaasenso ang kakambal na ekonomiya, o ang itinutukoy na pormal at hindi-pormal na palitan na ipinaliwanag sa naunang talata. Sa totoo'y nagsasanib na ang iba't ibang uri ng palitan, sa dami ng mga namimili at ng mga produktong mura na nilalako ng mga tindera sa bangketa o sa kumpulan ng mga tiangge sa mga himpilan ng sasakyan o mga daungan. Ang ganitong maluwag na pagtatahi ng pormal at hindi-pormal ay katangi-tanging aspekto ng urbanisasyon sa Tsina, India, at mga bansa ng Timog-Silangang Asya. Ang kultura ng manininda sa lansangan ay isa pang interesanteng aspekto ng urbanisasyon, dahil kasama na rito ang mga lantad at kubling pagbenta ng kung ano-anong bagay, mula sa lupa hanggang sa mga pekeng DVD. Ang mga lungsod ng Asya ay nagiging sapot ng mga daluyan, proseso, anyo ng transportasyon at mga sisidlan na bumubuo sa isang pisikal na sistema na kumakalat sa buong kalungsuran (Mcgee at Yeung 28-30).[18] Isang aspekto na posibleng mas litaw sa mga lungsod tulad

ng Metro Manila, Singapura, o Jakarta, ay ang mabilis na pagtayo ng infrastruktura na katunggali ng pangangalaga sa kalikasan at ng pangkalahatang kapakanan ng mamamayan. Mas mahirap dito ang pagbalanse ng kalidad ng pamumuhay at ang pag-uunahan sa paghikayat sa mga investor, na siyang nagpapasok ng pera at trabaho sa ekonomiya (Giok Ling 40-41).[19] Gayumpaman, hindi pa nagkakaroon ng malubhang krisis ang mga bansa rito, maliban na lang sa mga likas na kalamidad tulad ng bagyo at lindol, na sumusubok sa kanilang kakayahang tumugon sa pangangailangan ng mga mamamayan. Sa kasalukuyan, masasabing maunlad pa rin ang mga nasabing bansa dahil sa maayos at mabilis na takbo ng ekonomiya sa rehiyon ng Timog-Silangang Asya.

### *Kapaligiran ng mga Bansang Pinag-aaaralan – Tigang sa Kenya, Basa sa Pilipinas*

Nararamdaman na ang epekto ng pagbago ng klima sa Kenya dahil sa tumitinding init at ang pagliit ng mga lawa at iba pang katawang-tubig. Ngunit tulad ng ibang bansang mahihirap, mukhang hindi pa ito mahalagang isyu para sa gobyerno, maging sa mamamayan kung ihahambing sa mga ibang problemang may kinalaman sa kabuhayan at kaayusan sa lipunan (Shisanya at Khayesi 281).[20] Gayumpaman, sinusubukan ng gobyerno ng Kenya na bigyan ng sapat na proteksyon ang kapaligiran, pati na rin ang mga legal na balangkas na gagabay sa paggamit sa mga likas na yaman at teritoryo. Isang halimbawa nito ay ang *Environmental Management and Co-ordination Act of 1999* (African Development Bank4),[21] na katumbas ng *Environmental Impact Statement Law of 1978* ng Pilipinas. Sa Bahagi VI ng nasabing batas ng Kenya, malinaw na itinatakda ang paggawa ng isang analisis ng posibleng mga epekto sa kapaligiran ng anumang proyektong pangkaunlaran. Dapat paggastusan ng proponent ang itinatawag na *environmental impact assessment* na ito, na susuriin ng National Environmental Management Authority (NEMA) ng Kenya, ang katumbas ng DENR sa Pilipinas. Kung paghahambingin ang dalawang batas, halos pareho ang mga tuon nito, ngunit mas komprehensibo ang saklaw ng batas ng Kenya, dahil pati ang pagkalap ng basura, sinasaklaw nito. Gayumpaman, mas nauna at detalyado ang katapat na *Environmental Impact Statement Law* ng Pilipinas, mula noong 1978, na hindi nagtatakda ng EIA para sa maliliit na proyektong pangkabuhayan, bagkus para lang sa mga malaking infrastruktura at mga industriyang malakas magdumi. Sa kaso ng Kenya, kailangan ang ganitong uri ng pagsasabatas at iba pang kilusang panagip-kalikasan sapagkat mabilis din ang pagbabago ng klima at ang dala nitong banta ng matinding katuyuan sa loóban ng bansa. Lumalala ang kalagayan ng paligid dahil sa walang humpay na pagpapastol at pagputol sa mga puno. Kasabay nito ang pinsalang idinudulot ng kontaminasyon ng tubig sa mga ilog at tabing-dagat, isang problema na kailangan ding harapin ng pamahalaan ng Kenya (UNEP, n.p.).[22]

Sa Pilipinas, nasa panganib din ang kalikasan, lalo na ang mga kagubatan, na nasa 7.2 milyong hektarya o kulang na sa 24% ng kabuuang lupain. Kasama sa pag-ubos ng mga puno ang pagbawas sa dami ng klase ng mga *flora* at *fauna,* at ang paglaki ng posibilidad ng baha sa kapatagan (ADB 16-17).[23] Nanganganib din ang mga bahura at mga bakawan sa dalampasigan (Ibid. Pulhin 6), habang sa mga lungsod, patuloy ang problema ng polusyon na tinutugunan ng mga ahensiya sa pangunguna ng MMDA at mga pamahalaang lokal. Batay sa pagrepaso ng may-akda sa mga artikulo sa diyaryo mula 2011-2012, tungkol sa MMDA at ang pakikipag-ugnayan nito sa mga alkalde, masasabing halos linggo-linggo mababalitaan ang mahigpit na pagsasagawa ng mga bagong batas


tulad ng Batas para sa Malinis na Hangin (R.A.8749 ng 1999), Batas para sa Basurang-Solid (R.A.9003 ng 2000), at ang Batas para sa Malinis na Tubig (R.A.9275 ng 2004). Dagdag pa rito ang epekto ng pagbago ng klima, na nagdadala taon-taon ng konsentrasyon ng ulan, tulad ng bagyong Ondoy noong 2009 na nakapinsala sa libo-libong pamilya sa mga bayan ng Marikina at Pasig sa Metro Manila. Dahil sa ganitong sitwasyon, higit na mahalaga ang pagpaplano at ang paggabay sa pisikal at pangkabuhayang pagsulong ng lungsod, upang mapaghandaan ang pagbulaga ng mga unos at iba pang hindi inaasahang sakuna.

## V. Balangkas ng mga Konsepto

Bilang gabay sa analisis ng saliksik, mahalagang balikan ang konsepto ng metropolis bilang kaganapan ng lumaking lungsod at pamahalaang lokal. Ibig sabihin nito, nagkakaroon ng mga metropolis bilang sunod na yugto sa pag-unlad ng isang buhay na siyudad; isa itong pangyayari na itinalakay ng mga maraming eksperto, kabilang na ang simula ng pag-aaral nito sa Pilipinas mula noong mga dekada 70 at 80. Ayon kay Laquian (9), nagkakaroon na ng mas efisyent at napapanatiling pag-unlad sa mga lokal na pamahalaan sa Asya dulot ng kanilang pagkaroon ng mga komprehensibong estratehiyang pangkaunlaran, lalo na kung nasanay na sila sa sentralisadong pamamahala. Bukod pa rito, maraming pakinabang ang mas malawak na sakop ng pamamahala dahil napagdudugtong ang mga serbisyo tulad ng patubig, alkantarilya, trapiko, atbp. Nagiging mas madali ang pagtugon sa mga suliranin na dulot ng pagsira sa kapaligiran. Halos magkatulad ang sinabi nina Manasan at Mercado (33-35) na nagpatuloy ng pananaliksik sa pamamagitan ng pagtala sa pag-usbong ng mga mala-metropolis na bukluran o *metropolitan arrangements* sa Pilipinas mula noong dekada 90. Sinasabi nila na hindi dapat katakutan ang masalimuot na pagbuo ng mga metropolis, bagkus kailangang tanggapin bilang penomenong urban na nangangailangan ng mga bagong paraan, patakaran, at teknolohiya upang patakbuhin nang maayos. Ganito rin nga ang dalumat ng mga metropolis na nauna pa sa mga bansa sa Kanluran, na siyang pinaghiraman ng mga ideya, maging sa mga metropolis at malalaking lungsod sa Aprika.

Upang mabuo ang makabuluhang balangkas, idaragdag din natin ang tesis ni Jared Diamond, isang biyologong pang-ebolusyon, o *evolutionary biologist*, na nagsabi sa kanyang libro Guns, Germs & Steel na naiba ang landas ng pag-unlad ng iba't ibang lahi dahil sa pagkakaiba ng paligid sa tinitirahan nila, at hindi dahil sa paggiging likas na lamáng ng alinmang lahi. Sa gayon, nais bigyang diin ng saliksik na ito ang kapaligiran bilang tagahubog ng urbanisasyon, hindi lamang bilang proseso ng pagdami ng mga tao sa mga lugar-urban, ngunit din bilang uri ng pag-aayon o pakikisama sa kalikasan Samakatuwid, ang pagsuway o pagsira ng mga lungsod sa mga kritikal na aspekto ng kanilang paligid ay magiging dahilan ng mas malawakang pinsala. Higit na magastos ang paghanap ng mga solusyon para lutasin ang mga baha, salot, at iba pang bunga ng maling pag-unlad.

**Larawan 1:** Balangkas - Ugnayan ng Lungsod na Nagiging Metropolis sa Likas na Kapaligiran




Dahil tumutukoy sa pagdami ng mga taong naninirahan sa lungsod ang pangunahing depinisyon ng urbanisasyon, marapat na pagtuonan ng pansin ang kahirapan bilang penomenong panlipunan, na madalas nagaganap dahil hindi matugunan ng mga serbisyong publiko at ng lokal na ekonomiya ang pangangailangan ng tao. Lalong tumitindi ito sa mga lungsod na naging higanteng rehiyon o nakipagbuklod sa ibang lungsod upang maging mas malawak na teritoryo. Sa ganitong paraan, ang pagtatag ng metropolis bilang espasyong urban at ang pamahalaan nito ay nagiging solusyon sa kasalimuotan na nangyayari, pati na rin sa paghinto ng masamang epekto sa kalikasan. Ang mga problema at kaugnay na panukalang solusyon hinggil dito ang ilalarawan ng susunod na diskusyon tungkol sa mga *slum* ng Kalakhang Nairobi at Kamaynilaan. Kasunod nito tatalakayin ang papel ng kalikasan sa dalawang metropolis at kung papaano ito parehas na naaapektuhan at umaapekto sa paglaki ng espasyong urban.

## V. Ang Konsteksto: Morpolohiya at Rehíyonal na Tungkulin ng Nairobi at ng Maynila

Nakaluklok ang bayan ng Nairobi sa isang malapad na mesa (nasa 696 kilometro kwadrado ang laki ng Nairobi, mas malaki sa 636+/- ng Metro Manila), at dahil nasa 1,700 metro ang nibel nito mula sa dagat, kahawig niya ang mga ibang lungsod na tinayo para mapakinabangan ang mas mababang temperatura sa mataas na lupa—katulad ng Baguio. Hindi pa lumalayo ang urbanisasyon ng lungsod, ngunit nagiging mas siksik sa mga mas angát na bahagi ng siyudad: ang Westlands, at papunta na rin sa mas mayaman na mga distrito ng Langata at Karen. Kung pagmamasdan ang mapa ng Nairobi, mapapansin na halos konsentrik pa ang paglapad niya, maliban na lang sa iilang daan na gumagapang palayo, at kumporme sa dalisdis, ahon at lusong ng mga burol at pampang na pumapalibot rito. Sa loób mismo ng siyudad, mayroón pa ring mapapansin na maluwag na pwesto, at ang karamihan ng mga gusali ay umaabot lamang sa katamtamang taas, kung ihahambing sa siksikan ng mga tore ng asero at salamin sa Metro Manila o Singapore.

Gayumpaman, ginagampanan ng lungsod na ito ang maraming mahalagang papel. Bukod sa pagiging kabisera ng bansa, ang Nairobi ay isa ring sentro ng paglakbay at poók-lunsaran ng mga biyahe patungo sa mga mas malayong bansa, tulad ng Timog Aprika, Nigeria, o Ehipto—pati na rin para sa karatig-bansa na walang maáasahang serbisyong-paliparan, tulad ng Rwanda at Somalia. Isa ring bagsakan ang Nairobi ng

mga produkto na nanggagaling sa lungsod ng Mombasa, sa silangang baybayin ng bansa. Habang nagbibiyahe patungong Kisumu sa kanluran, naobserbahan at napagtanungan din ng may-akda ang mga negosyanteng nagdadala ng mga ani ng dahon ng tsaa mula sa mga mala-hasyendang taniman sa Naivasha papuntang Nairobi. Sa punong-lungsod ng Nairobi matatagpuan ang kompletong serbisyo ng gobyerno at ang mga mahuhusay na pamantasan na pinapasukan ng mga lokal at banyagang estudyante, tulad ng Unibersidad ng Nairobi, at Unibersidad Kenyatta. Sa madaling salita, ito ang bato-balani ng lipunang-urban at intelektuwal sa Kenya at isa sa kinikilalang sentrong urban sa rehíyon ng Silangang-Aprika. At dahil natatanaw na ang paglaki ng Nairobi sa darating na dekada, gumawa na noong 2006 ang pamahalaan ng estratehiya para sa planadong metropolitanisasyon ng lungsod, na nagtatakda ng maayos na pagplano ng mga estruktura at daan sa mga lupang pwede pang tayuan patungo sa isang maayos na Metro Nairobi 2030.

Bilang paghambing, sa Punong Pambansang Rehíyon ng Pilipinas, itinatakda ng heograpiya ang hugis at direksyon ng paglapad ng lungsod. Hangganan ng pagkalat ng gusali ang mga bundok ng Sierra Madre sa silangan, at humahantong naman sa delta ng Pasig o tabing-dagat ang paglawak sa kanluran. Samakatuwid, sa hilaga at sa timog tumutulak ang urbanisasyon ng Kalakhang Maynila; ito ay isang hinating konsentrik na parang talihabang hinatak sa norte at sur. Sa loob ng metropolis, marami nang mga sentro—dahil lumaki na ang orihinal na Maynila, at dumugtong sa ibang siyudad tulad ng Makati, kasalukuyang sentro ng komersiyo, at ng lungsod ng Quezon, isang sentro ng edukasyon at ng mga opisina ng gobyerno.

Tulad ng Nairobi, mahalaga ang papel ng Maynila bilang kabisera at sento ng kultura sa Pilipinas. Dito nagaganap ang mga mahalagang desisyon ng pamahalaan, at dito rin nag-aaral o nagtapos ng pag-aaral ang malaking porsiyento ng mga magagaling na mamamayan. Sa isla ng Luzon, nasa bandang gitna din ang Maynila, at katabi ng mga malawak na taniman at likas na yaman ng Bulacan, Pampanga, Laguna, Cavite at Nueva Ecija. Ngunit kung titingnan ang Metro Manila sa saklaw ng Timog-Silangang Asya, hindi pa gaanong sumisikat bilang sentro ng komunikasyon at kalakalan kumpara sa Singapura o sa Bangkok, na nasa kalagitnaan ng ibang malalapit na bansa. Kung babalikan ang kasaysayan, makikita na ginagamit ang kalupaan na sumasaklaw ngayon sa Kalakhang Maynila bilang poók-lunsaran o tawiran mula sa kanluran o sa katimogan patungo sa mga higit na malaki o mayaman na bansa ng Asya--at ito pa rin ang gamit niya ngayon, bilang tarangkahan sa pagitan ng karagatang Pasipiko at ang kalakhang Asya.

## VII. Mga Dimensyon ng Kahirapan sa Lungsod – Pagdalaw sa Kibera

Hindi makukumpleto ang usapan tungkol sa urbanisasyon ng Nairobi kung hindi babanggitin ang kanyang pinakasikat (o pinaka-kasuklam-suklam) na kumpulan ng mga barong-barong: ang Kibera. Kinikilala ang Kibera bilang pinakamalaking slum sa kontinente ng Aprika, at isa sa pinakamalaki sa buong mundo, kahanay ang Dharavi sa Mumbai, India, at ang mga favelas ng Rio de Janeiro sa Brazil. Sa “loóban” ng lambak ng Kibera, may mahigit-kumulang na 600,000 hanggang 1.2 milyong tao[24] na nakatira sa mga barong-barong na yari sa kinakalawang na yero at may sukat ng siksik na nasa 250 bahay bawat hektarya (U.N.Habitat, 2003).[25] Nasa mga 6-8 tao ang nakatira sa loob ng

isang barong-barong, at umaabot ng 2,000 tao bawat hektarya sa loob ng hindi lalampas sa 300 hektarya o 3 kilometro kwadrado. Sa dami ng mga magkakatabing barong-barong na tumatakip sa lambak, hindi naalintana na dati itong natatakpan ng malawak na kagubatan[26] na dating bumabalot sa mga lupa sa bahaging timog-kanluran ng Nairobi. Para maugnay sa karanasan ng mga Filipino, ang ibig sabihin nitong mga sukat ay ganito: parang sumisiksik ang lahat ng mamamayan sa Manila o kalahati ng tao sa Caloocan sa loob ng hangganan ng Pateros—isang espasyo na maliit pa sa kampus ng U.P.Diliman.

Nang pumunta ang awtor sa Kibera upang maranasan at maobserbahan ang kahirapan ng mga taga-Nairobi, napansin niya na karima-rimarim nga ang kondisyon ng pamumuhay doón: nakatayo sa lupa, putik, at basura lamang ang mga barong-barong, at halos walang malalakaran sa "loóban ng loóban" maliban sa mga daang-tubo at mga basak o hukay sa lupa na dinadaanan ng maitim na tubig. Kapansin-pansin ang mga bahay sapagkat parihaba sila tulad ng mga bahay sa nayon, na binisita rin ng may-akda noong naroon siya. Tatlo ang kuwarto na ginagamit bilang tulugan o tanggapan, habang itinatayo na lamang sa labas ang palikuran, kung hindi man sa ilog at damuhan gagawin ang pagligo, pag-ihi't pagdumi. Ang mga bahay ay gawa mula sa pinatuyong mapulang luwad na binalangkasan lang ng mga sanga ng puno at nilagyan ng bubong na yero.

Halos tinatakpan ng Kibera ang isang bahagi ng dating riles na kapansin-pansing yari sa mga makakapal na troso ng bakal na nakabaon sa semento at lupa—katulad ito ng mga ginibang bahay-bahayan sa riles ng Metro Manila, na siya namang gumigitgit sa magkabilaang gilid ng daang-bakal. Ang mga riles sa Pilipinas ay yari lang sa matigas na kahoy at maninipis na linya ng asero, samantalang daang-bakal ang riles ng Kenya. Marurumi ang mga damit ng tao sa Kibera, at nagbebenta sila ng kung anu-anong produkto na maari nang ituring na basura: madilaw na karneng nilalangaw, sunóg na mais, pira-pirasong turnilyo, alambre, payong, at bahagi ng sasakyan o ng mga gamit pambahay, pati na rin malamang ang pagbenta ng sarili, na siyang pinapasukan ng mga kababaihan dito, ayon sa mga ulat ni Winslow (4-7) at ang mga alagad ng gobyerno na sumama sa may-akda.

Nagtanong tungkol sa mga planong pangkaunlaran ang may-akda sa mga lider ng Soweto East, isang medyo maayos na komunidad sa entrada ng Kibera na tumanggap sa mga panauhin, at target ng *Kenya Slum Upgrading Program* (KENSUP). Malaki raw ang tulong ng UN-Habitat at ang iba pang mga tulong-bilateral na ginamit para sa pagtayo ng mga "estasyong panlaba at pampaligo" sa loóban nitong komunidad, isang malawak na kumpulan ng barong-barong na pinangalanan daw dahil sa inspirasyon ng isa ring kilala at dating mahirap na slum sa Timog Aprika, ang South Western Townships (Soweto) na naging sentro ng pag-aalsa ng mga taong-itim laban sa apartheid. Sa poók na ito, halatang-halata ang impak ng mga itinayong himpilan ng tubig, na pinapatakbo ng komunidad, dahil nakabubuhay sa mga tao ang pag-inom ng malinis na tubig, paggamit nito sa pagluto, at minsanang pagligo para maiwasan ang sakit—lahat para sa iilang kusing.

Para sa pangmatagalang pagpaplano, aktibo na ang pamahalaan sa pagtayo ng mga gusali sa gilid ng lambak, gamit ang mga pondo mula sa U.N. at ibang organisasyon. Sa mga gusaling ito pansamantalang ililipat ang mga nakahandang pamilya ng Kibera, habang ginigiba ang kanilang mga barong-barong, at papalitan ng mas maayos na tahanan na siya ring pwedeng tirahan Nagulat ang may-akda sa ganitong sistema—kay suwerte naman ng mga taga-Kibera, sapagkat tila tinatayuan sila ng hotel habang inaayos ang mga tirahan nila. Habang sa Pilipinas, ang mga maralitang taga-lungsod ay

maaaring itapon ng mga Pamahalaang Lokal o ng MMDA sa labas ng metropolis, tulad ng paglipat sa Bulakan ng mga nakatira sa tabi ng riles noong presidente pa si Gloria Macapagal Arroyo. Alinsunod din ito sa utos ng tagapangulo ng mga ahensiya para sa pabahay, si dating Bise-Presidente Noli de Castro, na siyang nagtulak ng malawakan at maayos na *resettlement*, mula sa gilid ng riles patungo sa labas ng Kamaynilaan. Bagaman hindi kasing-laki ang paggastos at pag-aruga tuwing nagpapalipat ang MMDA ng mga maralitang taga-lungsod sa mga bagong pabahay sa labas ng kalungsuran, hindi rin naman pabaya ang ating gobyerno. Ayon sa panayam ng may-akda sa HUDCC sa mga nagpapabahay, kahit paano'y sinisikap nang maghatid din ng kabuhayan at edukasyon sa mga bagong komunidad na pinaglipatan, dahil palaging kasabay ng *National Housing Authority (NHA) ang Technical Education & Skills Development Authority* TESDA at ang Departamento ng Edukasyon (DepEd) sa mga proyektong pabahay, upang maturuan ng hanapbuhay at mabigyan ng batayang edukasyon ang mga taong inilipat. Samakatuwid, pagbaling muli sa Metro Nairobi, may kaunting pagdududa ang awtor sa nasaksihang sistema dahil hindi pa matitiyak ng U.N. na pangmatagalan ang suporta nila sa kabila ng laki ng pondo na inaasahan ng pamahalaan na gagamitin para sa pagsagip ng mga taga-Kibera. Bilang ebidensiya, natuto na sana ang mga nagpaplano o ang mga lider ng Kibera, sapagkat mayroón nang dating karanasan na katulad nito: nagpatayo noong nakaraan dekada ng mga bahay na may katamtamang-taas ang gobyerno (kahawig ng BLISS Housing sa U.P.), na matatanaw din sa pasukan ng Soweto East. Ngunit nang matapos ang mga bahay na ito, unti-unting pinasukan ng mga gitnang-uri at mga empleyado ng gobyerno, na siya ring nagtakwil sa mga lubhang mahihirap na dapat sanang lumipat doón—parang ganoon din ang nangyari sa BLISS Housing sa Metro Manila noong dekada 80. Ganito rin ang maaaring mangyari sa mga bagong gusali—unti-unting papasukan ng mga mas mayaman (kahit may proseso raw para ipagbawal ito) at gagawing sariling tahanan o upahan, o kaya ay hindi na iiwanan ng mga dating taga-Kibera, sapagkat magugustuhan nila ito, at permanenteng kakapitan ang mga apartment na ipinahiram. Interesante samakatuwid ang posibleng magiging tagumpay o pagkabigo ng KENSUP sa mga darating na taon.

## *Sulyap sa Karanasan ng Pilipinas*

Iba ang morpolohiya at lokasyon ng mga kumpulan ng barong-barong sa Metro Manila: mas kalat ang mga konsentrasyon, at kadalasan ay sumisiksik sa mga lupaín ng gobyerno na pinabayaan o hindi binantayan, tulad ng mga tabing-riles sa Makati, Caloocan, at Pasay, o malapit sa tambakan ng basura, gaya ng dating tambakan sa Payatas. Namamahay din ang mga mahirap sa mga binababahang lugar tulad ng dagat-dagatan sa Tondo, (Maynila), o sa Navotas, at sa gilid ng daluyang-baha ng Manggahan, sa Pasig. Gayumpaman, magkahawig ang mga kamuhi-muhing kondisyon ng kahirapan ng Metro Manila at ng Metro Nairobi, ayon sa obserbasyon ng awtor, na bumisita sa mga maralitang barangay ng Payatas, Bagong Silangan, Commonwealth, atbp. sa lungsod ng Quezon. May pagkakawahig din ang mga bahay na halos nasa gilid ng Laguna de Bai sa bandang bahagi ng Taguig na minsa'y nadadaan ng may-akda. Parehong makitid ang mga lakaran sa loóban, at puno ng basura, ligaw na mga aso't pusa, lusak sa daan, at alkantarilyang barado.

Subalit higit na marupok ang mga materyales na ginagamit sa Pilipinas—mga tirang

pilyego ng yero, kahoy para sa dingding at kartolina na pinagdugtong ng mga putol-putol na kable o tali. May mga bubungan ng yero na pinatungan ng mga gulong o bato, para hindi matangay ng hanging-unos. Samantalang yari na sa semento ang ibang bahay, na tanda ng pag-asenso ng naninirahan doon.Mapapansin ang ganitong pag-unlad sa mga estruktura sa kaloób-loóban ng Krus na Ligas, sa lungsod ng Quezon (Q.C.), halimbawa, na may halo pang mga barong-barong at mga sementadong tahanan—ngunit halata ang dating estado dahil sa mga liko-likong eskinita at hindi-tuwirang paglatag ng mga daan.

Sa kabilang dako, mukhang higit na umaasenso ang kalagayan ng mga mahirap na komunidad sa Metro Manila, gawa ng aktibong pakikibaka at pakikiramay ng mga organisasyong tumutulong sa pabahay, tulad ng sikat na Gawad Kalinga, o ang nabalitaang malawakang pag-ayos at paninibago ng pamahalaan ng Q.C. sa basurahan sa Payatas. Ayon sa panayam kay Direktor J.E.Cruz sa Housing & Urban Development Coordinating Council, patuloy ang paggawa ng bahay at paghanap ng mga pautang at ibang mekanismo para sa pagpondo ng tirahan. Madalas daw na akala ng mga tao na meron pa ring matinding *backlog,* o kakulangan ng bahay, ngunit sa katunayan ay higit na malalang problema ang paghanap ng mga pwesto na katanggap-tanggap sa mga taong inililipat, pati na rin ang kakulangan ng disiplina sa hulugang pagbayad sa mga napakamurang pabahay ng gobyerno. Dahil raw sa dalawang dahilan na ito, minsan nilalayasan ng mga tao ang mga proyektong pabahay kung hindi nila gusto ang lugar na pinaglipatan, o kaya hindi na lang nagbabayad hanggang sa maremata ang estruktura't lupa.

Sa positibong panig naman, nagtratabaho rin ang mga unyon at samahan mismo sa loob ng mga kumpulang-urban na nakikipag-usap sa mga ahensya ng gobyerno, lalo na ang HUDCC, NHA, at ang MMDA.[27] At marami na ring maayos na eksperimento sa pabahay ang isinagawa ng mga ahensya ng gobyerno, tulad ng pagsasaayos ng mga estruktura sa lupang kinatatayuan a *(on-site redevelopment)*. Kasama rito ang paghatid ng mga serbisyong-urban tulad ng tubig, kuryente, pagkalap ng basura, at pagtayo ng mababang paaralan para sa mga bata. Kapalit nito ay ang pagbayad ng tao sa lupa at sa mga nasabing serbisyo. Ngunit sa harap ng mga protesta ng mga inililipat humihilig pa rin ang gobyerno ngayon sa paggiba at paglipat ng mga maralitang komunidad. Nasaksihan ng mga mamamayan ang ganitong pagkilos noong taong 2004-2005 sa mga riles ng Maynila, at sa gilid ng Katipunan Avenue, katabi ng U.P. Dahil hindi katanggap-tanggap ang ganitong sapilitang paglipat para sa ibang sektor ng lipunan, tiyak na kailangan pang baguhin ng pamahalaan ang estratehiya nito para sa pagpapanibagong urban. Natatanto ng awtor na nagagawa ito sa Metro Manila dahil hiwa-hiwalay ang mga kumpulan ng barong-barong, at káya na silang isa-isahin. Hindi ito pwedeng gawin sa Nairobi, sapagkat kayang lipulin ng mga galit na residente ng Kibera ang buong kabisera kung sila'y mag-alsa laban sa demolisyon.

## VIII. Pamamahala sa Kalikasang-Urban: Pambansang Liwasan ng Nairobi at ang Bahíya ng Maynila

Mayroon pang isang kakaibang aspektong taglay ang Nairobi na hindi matatagpuan sa Kamaynilaan, ngunit maaaring hanapan ng kaparis sa mga tungkulin ng pamahalaang panlungsod—ang Pambansang Liwasan ng Nairobi. Umabot sa 117.21 kilometro kwadrado

(o 11,721 hektarya, maliit lang na bahagya sa Q.C.) ang lawak ng parke, na itinakda ng mga Inglés bilang santuwaryo ng mga ilahas na hayop at halaman, nang mapansin nila noóng unang bahagi ng siglo-20 na dumarami ang mga insidente ng tunggalian ng mga gumagamit sa pastulan at kagubatan sa timog ng Nairobi. Isa ring dahilan ay ang pagdami ng mga engkuwentro ng mabangis na hayop at mga táong naligaw sa matalahib na *savannah* na pumapalibot sa bayan. Dahil dito, binakuran na ng tuluyan ang perimetro ng parke. Kung baga sa Metro Manila, mas malaki pa sa Makati ang liwasan na ito. Pipitsugin lang ang *Manila Zoo* kumpara sa kalawakan ng kanyang lantad na kalikasan na sadyang hangganan ng urbanisasyon ng Nairobi. Mula sa mga bintana ng mga gusaling katulad ng edipisyo sa Makati, matatanaw ang abot ng liwasan, na siyang tahanan ng apat sa mga "Limang Dambuhala" ng Aprika: ang león, ang leopardo, ang kalabaw, at ang rinoseronte.[28] Mayroon ding mga zebra, hirafa, at baboy-ramo. Napansin ng may-akda na marami ring uri ng mga malalaking tagak at bakulaw dito, at minsan sila'y tumatawid sa alambréra at lumalakad sa daang papasok sa sentro ng Nairobi, samantalang walang matatagpuang lagalág na unggoy sa mga bangketa ng Metro Manila.

Dahil sa lawak at halaga nitong liwasan bilang kanlungan ng mga ilahas na hayop at ng iba't ibang uri ng halamang-katutubo, binigyan ng pambansang gobyerno ng proteksyon sa ilalim ng pamamahala ng *Kenya Wildlife Service (KWS)*, isang propesyonal na organisasyon na nagbabantay sa mga hangganan ng parke, at gumagabay sa mga turista o siyentipiko na gustong gumala sa paysahe nito. Ayon sa isang napagtanungan na guwardiya ng KWS, mahigpit na mula noóng 1990 ang seguridad sa liwasan, at hindi tulad noóng nakakalusot pa sa bakuran ang mga mangangaso at nakapapatay ng rinoseronte para lang sa kanyang sungay, sapagkat binebenta ang garing nito bilang *aphrodisiac* sa mga Intsik at Arabo.

Subalit hindi lang napapaloob sa parke ng Nairobi ang pagsisikap sa pag-alaga ng kalikasan ng lungsod, kundi rin sa ibang mga bukas na sitío sa lungsod. Kabilang na rito ang Liwasang Uhuru--katumbas ng Luneta sa Maynila, at nasa sentro rin ng kabisera, na hahatiin sana noóng 1989 upang magpatayo ng hotel. Nabalitaan ng madla ang banta sa Uhuru dahil ipinaglaban ito ng apat na taon ng nakilalang siyentipiko at aktibista, si Ginang Wangari Maathai, pinuno ng Green Belt Movement, at ginawaran ng Premyo Nobel para sa kanyang pagtanggol sa kalikasan. Mahalagang matandaan na ang kaniyang kilusan para sa pagtanim ng puno at sa pag-unawa sa kapaligiran ay nag-umpisa sa mga pangkaraniwang isyung urban sa Nairobi: pagdami ng tao, paglakas ng ekonomiya, at pagkalas sa kalinangang–katutubo na kumakalinga sa kalikasan.

Nang masaksihan ng awtor ang ganitong pagsasalungat ng urbanisasyon, kahirapan, at buhay na kalikasan, ipinasya niyang magtanong sa ilang kabataan kung ano ang mga suliraning panlungsod na mahalaga sa kanila. Katulad ng mga Pinoy, "Trabaho," "Tirahan," at "Ugnayan sa Pamilya o Ibang Tao" ang karaniwang sagot. Ikinalulungkot ng mga matandang akademikong nakapanayam ang paglaho ng kaalaman tungkol sa kalikasan—tulad ng paano gabayan ang elepanteng palaboy sa bandang labas ng lungsod, o paano umiwas sa mga mabangis na hayop na nakasalubong sa kalye. Sa kabilang panig, hindi naman lubusang naglaho ang paggalang o pagsunod sa batas-kapaligiran na mahigpit na ipinapatupad ng gobyerno sa Nairobi, dahil nang matanong ng may-akda ang ilang mamamayan: "kung gutom ang mga tao rito, bakit hindi nila kainin ang mga matsíng at iba pang hayop na naligaw sa siyudad?" Batay ang tanong na ito sa mga pananaliksik ukol sa mga táong-gubat at pangangaso sa Pilipinas; sapagkat ayon kay Headland at Greene (1470) mula pa noong dekada 70 dokumentado na ang pagkain

ng mga Agta sa Sierra Madre sa unggoy *Macaca fascicularis.* Pati ang mga taga-nayon ay kumakain nito, na siyang tumutulak sa industriyang *"bushmeat"* o karne mula sa mga ilahas na hayop, tulad ng ilang uri ng paniki *(Pteropus vampyrus at Desmalopex leucopterus)* pati na rin ang baboy-ramo *(Sus philippinensis),* at ang nabanggit na unggoy *(Macaca fascicularis)*, ayon sa pananaliksik nina Scheffers et. al (134-135). Bilang tugon, nagpakita ng kamanghaan ang mga Aprikano sa awtor—hindi raw nila basta-bastang kinakain ang *"bush meat"* o karne ng mga ilahas na hayop, dahil bukod sa bawal mangaso nang walang permiso, minsan ay hindi naman malasa o masustansiya ang sangkap na galing dito, at mas gugustuhin daw nilang kumain ng mga gulay at mga bungang-ugat tulad ng kamote at patatas.

### *Pagbaling sa Metro Manila – Kalikasang Nilamon ng Urbanisasyon*

Bukod sa mga zoo sa Maynila at Malabon, walang malawakang liwasan ang Metro Manila na kumakanlong sa mga katutubong hayop at halaman, sapagkat hindi rin hihigit sa laki ng baboy-ramo, alamid, o bayawak ang mga pinakamalaking katutubong hayop sa Luzon. Ang pinakamalapit na katumbas ay ang Loók ng Maynila, at ang buong sistema ng katubigan na dumadaloy papunta rito mula sa lawa ng Laguna, at ang mga ilog ng Pasig at Marikina. Ngunit hindi ito parke, matagal nang napabayaan at dinumihan, at unti-unti ring bumubukol sa baybayin nito ang tinambak na lupa para matayuan ng mga gusali tulad ng Mall of Asia. Noóng nakaraang dekada lang nag-umpisa ang malawakang pagsasagawa ng mga mahigpit na batas para sa kalikasan, pati na rin ang mga plano para sa pagsagip sa Ilog Pasig. Naudyok ding gumalaw nang mas mabilis ang DENR dahil sa pinsalang dinulot ng baha na dala ng Bagyong Ondoy noóng 26 ng Setyembre, 2009.[29]

At bukod sa mga mandatong isinasagawa ng ibang ahensiya tulad ng DENR at MMDA, wala pang tumatagal na tagapagtanggol ang Bahía ng Maynila, pwera na lang siguro kay Abogado Antonio Oposa, isang kilalang kampeón ng kapaligiran, ngunit malayo pa siya sa antas na naabot ni Ginang Maathai ng Kenya. Sa kabilang dako, meron nang nabuong kaunting kamalayan sa publikong Filipino ukol sa halaga ng pagpapanatili ng malinis na paligid, na naitala halimbawa ni Bennagen et. al (24-25) sa kanilang sarbey ng kaugalian ukol sa solidong basura, na nagsasabing naniniwala ang 58% ng mga tahanan (HH o *household*) na makakaiwas sila sa mga peste at makakatulong sa kapaligiran kapag naglinis. Bukod pa rito, walang patid na nagsasagawa ang MMDA ng *Estero Blitz*, mula Agosto 2011, para linisin ang mga baradong estero at sapa sa Kamaynilaan, kasabay ng makulit na paalala sa mga katabing komunidad na hindi dapat magtapon ng basura sa mga estero (MMDA Press Office ). At kung hindi pa rin madala ang mga sibilyan sa ganoong pamamaraan, nagtulak din mula 2011 ang MMDA ng bagong paligsahan para sa pinakamalinis na barangay, sa ilalim ng mas malawakang programa ng binansagang *Metro Ko, Love Ko* (Ibid.), na kailangang salihan ng halos lahat ng mga barangay—bagamat nagiging huwaran ang iilan lamang na mga barangay na tunay na masigasig sa paglinis ng kanilang paligid. Samakatuwid, ang hamon ng urbanisasyon sa Metro Manila ay ang pagsagip o muling pagbuhay sa kalikasan; isang higit na mahirap na gawain kaysa sa mga maagap na patakaran at kilos ng Metro Nairobi na wala (pang) problema sa labis na pagdami ng mga tao.

## IX. Paghango ng Aral

Kapaki-pakinabang na mapagkuhanan ng aral ang Metro Nairobi dahil hindi pa ito nasasakal sa dami ng residénte, ngunit malinaw na hinaharap na ng lungsod ang kambal na hamon ng (1) malubhang konsentrasyon ng kahirapan na katapat ng malawak pang kalikasan at ng (2) responsabilidad para magtaguyod ng maayos na pamamahala sa bukod-tanging espasyo na hitik na hitik sa likas na yaman. Para sa mágnitúd ng mga problema ukol sa pagkalat ng mga kabahayan, nakatitipid sa espasyo at infrastruktura ang lungsod dahil malapit pa rin sa sentro ang pagtayo o pagbabago sa mga gusali at tahanan. Mahalaga ang ganitong medyo kompakt na paglaki, at sana huwag pabayaan ng mga awtoridad kumalat ang mga bagong pabahay sa kanluran at hilaga ng siyudad. Para naman sa kahirapan, mapapansin na higit na epektibo ang pag-óorganisang malapit sa mga tao, kasabay ng pagtayo ng mga patubig at mga silid-pulungan para sa mga seminar pangkabuhayan. Malaki ang papel ng patakarang ekonomiko dito, dahil kailangang ang atin ang nibel ng kabuhayan ng halos 1/3 ng mamamayan sa loob ng lungsod at bigyan sila ng hanapbuhay na makahihila sa kanila palayo o paiwas sa pagdepende sa nauubos na kagubatan para sa araw-araw na pangangailangan. Kasabay na rin nito ang walang patid na pagbantay sa parke at iba pang likas na yaman ng Metro Nairobi na maaaring tularan ng mga Pilipino sa kanilang pag-ayos ng kapaligiran sa Metro Manila.

**Matrix 1:** Paghahambing ng Piling Aspekto ng Kaunlarang-Urban ng Metro Nairobi at Metro Manila

| *Mga Faktor o Indikeytor* | Metro Nairobi | Metro Manila |
|---|---|---|
| 1. [illegible] at Pagpapahayag ng Kahirapan | Siksik sa Kibera, binubuo ng mga barong-barong ng mga pangkat-etniko. | Mas kalat sa mga lumang distrito, mga gilid at ilalim ng mga estruktura, at may halo-halong komposisyong etnika. |
| 2. Katangian ng Kapaligiran na Humuhubog sa Urbanisasyon | May malinaw na ibinukod na Pambansang Parke, meron pang buong kagubatan sa paligid ng lungsod. | Nakapuwesto ang lungsod sa bahain na delta sa pagitan ng bahiya at ng bulubunduking hangganan. |
| 3. Problema ng Kalikasan | May tunggalian ng mahihirap na mamamayan at mga ilahas na hayop at kalikasang dapat mapanatiling malinis. | Matinding polusyon at hindi napapanatiling matatag na depensa sa baha at pagguho ng lupa. |
| 4. Pagtugon ng Gobyerno at Lipunan (kung organisado) | Sentralisadong pagplano at pakikipag-tulungan sa U.N.<br>- Pagkaroon ng Komprehen-sibong Batas Pangkapaligiran, kasama ang EIA. | Pakikipagtulungan ng MMDA at ng mga pamahalaang lokal.<br>- Pagkaroon ng Espesipiko at Detalyadong Batas para sa EIA. |

At para sa pag-aruga sa kalikasan, mahalaga ang pagpondo sa mga nagbabantay, kasama ng malinaw na pagtakda ng mga hangganan ng tao, sa pamamagitan ng pagbakod at ng pagbigay ng impormasyon sa publiko. Ayon sa mga nakasalamuha na mga nagpaplano sa lungsod, gisíng pa sa Metro Nairobi ang kilusan ng mga tumatangkilik sa kalikasan, ngunit nangangailangan ng mas malawakang pagsali o pagtanggap sa mga diskusyon ng pamayanan, na madalas umiinog sa paksa ng paghahanapbuhay

at mga pangunahing pangangailangan ng madla.Sa mga gawaing panlipunan naman nangunguna ang mga Pilipino, lalo na sa Metro Manila, kung saan buhay na buhay ang mga NGO o mga organisasyong hindi pampamahalaan na tumutulong sa gobyerno para bantayan o tugunan ang ilang isyu o problema. Maaaring matutuhan ng mga hepe sa Metro Nairobi kung paano mag-organisa o makipagtalakayan sa tinatawag na lipunang sibil, upang mapagkasunduan ang balanse ng urbanisasyon at pagpapanatili ng kalikasang dalisay.

Kaugnay nito, kung mayroon pang dagdag na maibabahagi ang mga Pilipino sa kanilang mga kapatid sa Kenya, pwede sigurong imungkahi ang mas malawakang koórdinasyon ng iba't ibang pangkat laban sa kahirapan sa Kibera. Dahil mukhang kalat pa ang mga pwersa (hal. mga grupo ng iba'tibang simbahan o masjid, o mga NGO na nagtratrabaho doon para sa pagbabagong-buhay), pwede pa itong isaayos para sa sabayang pagpaplano ng kanilang kinabukasan.

Bilang huling aral, sa Pilipinas, mas nauna ang ilang detalyadong batas para sa kapaligiran, tulad ng EIA Law at ang mga batas sa hangin, tubig, mga nanganganib na hayop at halaman, at duming solid. Maaaring gawin itong mga modelo ng mga taga-plano sa Kenya, habang ang mahigpit na pagpapatupad ng batas pangkalikasan sa parke ng Metro Nairobi ay maaaring gayahin ng mga alagad ng batas sa Metro Manila.

## X. Mga Aral na Natutuhan at Implikasyon sa Pagpaplano at mga Palisi sa Dalawang Bayan

Alinsunod sa konseptuwal na balangkas, napapatunayan ng saliksik na hindi nalalayo sa karaniwang padron ang mga faktor na tumutulak sa metropolisasyon ng Metro Nairobi at Metro Manila. Ang pagdami ng tao na kailangang pabahayan, ang trapiko't polusyon, at iba pang suliraning metropolitan ay nagbibigay ng bisa sa mga teoriyang nabanggit sa kaugnay na literatura. Ngunit ang nagpapaiba sa dalawang metropolis ay ang kanilang natatanging kapaligiran at ang yaman ng kalikasan na humuhubog sa lipunang napapaloob lungsod. Sa Nairobi, napakalaking responsabilidad ang pagmantene ng kanilang *National Park,* at iba pang natitirang luntiang liwasan, na siya rin namang nagbibigay ng kakaibang akit sa rehiyong iyon. Habang sa Metro Manila, ang paggiging tabing-dagat ng lugar at daluyan ng mga ilog mula sa Laguna de Bai at ang Sierra Madre ay tumatawag ng pansin sa tubig at ang halaga nito sa pagpapanatili ng luntiang kalikasan. Pareho ring apektado ng dami ng naninirahan ang kapwa metropolis—ngunit tila mas siksik sa isang lugar sa Nairobi, habang kalat na sa maliliit na sulok-urban sa Metro Manila. Samakatuwid, iba rin ang nararapat na tugon ng mga pamahalaang metropolitan: malawak na proyektong pabahay ang nagagawa sa Nairobi dahil sa kalapitan ng U.N. Habitat, habang sa Metro Manila, iba't ibang estratehiya ang ginagamit, tulad ng *slum upgrading*, at tuluyang paglipat ng mga grupo ng tao sa isang maayos na *resettlement site.*

Marami pang ibang aspekto ng urbanisasyon ang matatanaw sa Metro Nairobi at sa Metro Manila, ngunit pinili ng saliksik na ito na tumingin sa mga elementong bumubulaga kaagad sa mga biyahero sa nasabing lugar. Sa Pilipinas, hindi gaanong litaw ang ugnayan ng hayop at halaman sa buhay-lungsod, ngunit ang heograpiya at dalaw ng musim, lalo na ang tag-ulan na nagdadala ng baha ay nagiging pangunahing isyu sa pagpapaunlad ng metropolis. Sa Kenya, maraming makikitang kakaibang suliranin na dala

ng pagiging sitwado sa loób ng malaking kontinente na puno ng mga ilahas na hayop at halaman, lalo na ang mga *megafauna,* na kailangang bigyang respeto sa kanilang sariling espasyo. Nakukulayan din ang urbanisasyon ng Aprika ng kasaysayan ng pananakop at pagsasamantala ng mga taga-ibang bansa sa mga populasyon na may mababang grado ng edukasyon, gutóm, at may malaking porsiyento na nagdurusa ng HIV-AIDS—maliban na lang sa iilang may-kayang bansa na mayroong langis, mga yamang-mineral, o ibang kayamanan tulad ng Ehipto o Nigeria. Dahil dito, maraming mga problemang panlungsod ay maaaring tawaging *"writ large"* o mas lumalaki at litáw sa konteksto ng Aprika, kaya magandang unawain at balik-balikan ang Metro Nairobi at ibang lungsod nito, at upang magkaroon muli ng aral na matututuhan para sa urbanisasyon ng Pilipinas.

## MGA TALA

[1]Mula sa pariralang Maasai "Enkare Nyirobi:" poók ng malamig na tubig o batisan.

[2]United Nations Environment Program.

[3]Mueller, Susanne D. "The Political Economy of Kenya's Crisis" nasa Journal of East African Studies, (Hulyo 2008): 185-210.

[4]Rao, Vyjayanthi. "African Cities as Infrastructure." Nasa The African Cities Reader, Issue 1, 2008/09, African Centre for Cities & Chimurenga Magazine na may suporta ng Rockefeller Foundation.

[5]Hope, Ronald Kempe Sr. "Managing Urbanization in Africa: Some Aspects of Policy." Nasa Journal of Third World Studies, Taglagas 1999 (walang PDF, ikinopya at idinikit sa MSWord file, kaya hindi matiyak ang pahina).

[6]African Development Bank. "Small Towns and Rural Water Supply and Sanitation Project: Project Appraisal Report," July 2009a.

[7]Gugler, Joseph. "Urbanization in East Africa." 1969.
https://www.cia.gov/library/publications/the-world-factbook/geos/ke.html, kinuha ng ika 29 ng Enero, 2010

[8]Campbell, Elizabeth. "Urban Refugees in Nairobi: Problems of Protection, Mechanisms of Survival, and Possibilities for Integration" nasaJournal of Refugee Studies, Agosto 2006, Vol.19, No.3.

[9]Otiso, Kefa M. at Owusu, George. "Comparative Urbanization in Ghana and Kenya in Time and Space"nasa Geojournal, (2008): Iss. pp.143-157.

[10]Mcgee, T.G. The Southeast Asian City. Vancouver: Frederick Praeger Press, New York, 1969.

[11]http://www.unescap.org/STAT/data/statind/pdf/t2_dec04.pdf, kinuha ng ika-31 Enero, 2010.

[12]https://www.cia.gov/library/publications/the-world-factbook/geos/rp.html

[13]Macharia, Kimuthia. "Tensions Created by the Formal and Informal Use of Urban Space: The Case of [14]Nairobi, Kenya" nasa Journal of Third World Studies, Vol.24, Isyu 2 (Taglagas 2007):145-162.

[15]Kanyinga, Karuti. "Re-distribution from above: The Politics of Land Rights and Squatting in Coastal Kenya, Research Report, no. 115" Uppsala: Nordiska Afrikainstitutet, 2000.

[16]Onoma, Ato Kwamena. "The Use of Land to Generate Poltical Support." Nasa Africa Development, Vol.XXXIII, No. 3, (2008): 147-155.

[17]Hendriks, Bob. "The Social and Economic Impacts of Peri-Urban Access to Land and Secure Tenure for the Poor: The Case of Nairobi, Kenya." InInternational Development Planning Review, Vol.30, Iss.1, pp. 27-66

[18]Mcgee, T.G. at Yeung, Y.M. Hawkers in Southeast Asian Cities: Planning for the Bazaar Economy. Canada: IDRC, 1977.

[19]Giok Ling Ooi. "The Urbanization of Everything." In Georgetown Journal of International Affairs, (Tag-Init 2007): 39-45.

[20]Shisanya, C.A. at Khayesi, M.. "How is Climate Change Perceived in Relation to Other Socioeconomic Threats in Nairobi, Kenya?" In Climatic Change, 2007, Iss.85, pp.271-284.

[21]African Development Bank. Summary of Environmental and Social Impact Assessment: Mombasa-Nairobi-Addis Ababa Road Corridor Phase II, Pebrero 2009.

[22]http://www.unep.ch/regionalseas/main/eaf/eafenv.html, kinuha noong 31 ng Enero, 2010.

[23]Asian Development Bank. Country Environmental Analysis, 2008. pp.16-17.

## MGA SANGGUNIAN

African Development Bank. Small Towns and Rural Water Supply and Sanitation Project: Project Appraisal Report July 2009a. Nakalimbag.

African Development Bank. Summary of Environmental and Social Impact Assessment: Mobasa-Nairobi-Addis Ababa Road Corridor Phase II, Pebrero 2009b. Nakalimbag.

Asian Development Bank. Country Environmental Analysis. 2008. 16-17. Nakalimbag.

Bennagen, Eugenia; Nepomuceno, Eugenia; and Covar, Ramil. Solid Waste Segregation and Recycling in Metro Manila: Household Attitudes and Behavior. Resources, Environment & Economics Center for Studies (REECS), Research Report, Quezon City. 2002. Nakalimbag.

Campbell, Elizabeth. "Urban Refugees in Nairobi: Problems of Protection, Mechanisms of Survival, and Possibilities for Integration." Nasa Journal of Refugee Studies, (Agosto 2006): Vol.19, No.3: 396-413. Nakalimbag.

Diamond, Jared. Guns, Germs and Steel. London: Vintage Publishing, 1998. Nakalimbag.

Giok Ling Ooi. "The Urbanization of Everything." Nasa Georgetown Journal of International Affairs, (TagInit, 2007): 39-45. Nakalimbag.

Gugler, Joseph. "Urbanization in East Africa." Nasa Society & Social Change in Eastern Africa, edited by Peter Rigby, Kampala, Uganda: Institute of Social Research,1969. Nakalimbag.

Headland, Thomas N. at Greene, Harry W. “Hunter-Gatherers and Other Primates as Prey, Predators, and Competitors of Snakes.” Nasa PNAS, 2011, Vol. 108, Numero 52. (2011): 1470-14764. Nakalimbag.

Hendriks, Bob. “The Social and Economic Impacts of Peri-Urban Access to Land and Secure Tenure for the Poor: The Case of Nairobi, Kenya.” Nasa International Development Planning Review, Vol.30, Iss.1.(2008): 27-66. Nakalimbag.

Hope, Ronald Kempe Sr. “Managing Rapid Urbanization in Africa: Some Aspects of Policy.” Nasa Journal of Third World Studies, (Taglagas 1999):47-59. Nakalimbag.

Itagaki, Yoichi. “A Review of the Concept of the Dual Economy.” Nasa The Developing Economies, Volume 6, Issue 2. 2007. Nakalimbag.

Kanyinga, Karuti, Re-distribution from above: the Politics of Land Rights and Squatting in Coastal Kenya, Research Report, no. 115. Uppsala: Nordiska Afrikainstitutet, 2000. Nakalimbag.

Laquian, Aprodicio. “The Planning and Governance of Asia’s Mega-Urban Regions.” Ulat sa United Nations Expert Group Meeting on Population Distribution, Urbanization, Internal Migration, and Development. New York. 2008. Nakalimbag.

Macharia, Kimuthia. “Tensions Created by the Formal and Informal Use of Urban Space: The Case of Nairobi, Kenya.” Nasa Journal of Third World Studies, Vol.24, Isyu 2, pp.145-162, Taglagas, 2007. Nakalimbag.

Mercado, Ruben G. & Manasan, Rosario. “Metropolitan Arrangements in the Philippines: Passing Fancy or Future Megatrend?” Kabanata 2, In Managing Urbanization, Volume 1, PIDS (2002): pp.33-73. Nakalimbag.

McGee, T.G. at Yeung, Y.M. Hawkers in Southeast Asian Cities: Planning for the Bazaar Economy, Canada: IDRC, 1977. Nakalimbag.

McGee, T.G. The Southeast Asian City. New York, USA: Frederick Praeger Press, 1969. Nakalimbag.

Mueller, Susanne D. "The Political Economy of Kenya's Crisis." Nasa Journal of East African Studies, (Hulyo 2008): 185-210.

Onoma, Ato Kwamena. "The Use of Land to Generate Poltical Support" nasaAfrica Development, Vol.XXXIII, Numero 3, (2008):147-155. Nakalimbag.

Osborne, Milton. Southeast Asia: An Introductory History. 11th Edition. Sydney: Allen & Unwin, 2013. Nakalimbag.

Otisa, Kefa M. at Owusu, George. "Comparative Urbanization in Ghana and Kenya in Time and Space. " Nasa Geojournal, Iss. 71, (2008):143-157. Nakalimbag.

Pulhin, Juan M. "Environmental Change and Vulnerability in the Philippines." Isang presentasyon sa Open Meeting on Human Dimensions of Global Environmental Change, Ika 6-8 ng Oktubre 2001, Rio de Janeiro, Brazil.

Rao, Vyjayanthi. "African Cities as Infrastructure." Nasa The African Cities Reader, Issue 1, African Centre for Cities & Chimurenga Magazine na may suporta ng Rockefeller Foundation (2008/09): 23-40. Nakalimbag.

Scheffers, Brett R.; Corlett, Richard T.; Diesmos, Arvin; at Laurance, William F. "Local Demand Drives a Bushmeat Industry in a Philippine Forest Preserve." Nasa

Tropical Conservation Science, Vol.5, Numero 2, (2012): 133-141. Nakalimbag.

Shisanya, C.A. at Khayesi, M. "How is Climate Change Perceived in Relation to Other Socioeconomic Threats in Nairobi, Kenya?" In Climatic Change, Iss.85, (2007): 271-284. Nakalimbag.

Silverman, Jerry M. "Dual Economy Theory Revisited: Governance and the Role of the Informal Sector." Papel na inihayag sa 4th Annual Conference of the Society for the Advancement of Socioeconomics, California, U.S.A., Ika-27-29 ng Marso, (1992):1-30. Nakalimbag.

U.N.Habitat. Slums of the World: The Face of Urban Poverty in the New Millenium? Working Paper, 2003. Nakalimbag.

Winslow, Lance. Action Plan for the Nairobi Slums. U.S.A.: Online Thinktank, 2007. Nakalimbag.

## MGA WEBSITE

<https://www.cia.gov/library/publications/the-world-factbook/geos/ke.html>, kinuha ng ika-29 ng Enero, 2010.

<https://www.cia.gov/library/publications/the-world-factbook/geos/rp.html>

<http://www.unep.ch/regionalseas/main/eaf/eafenv.html>, kinuha noong 31 ng Enero, 2010.

<http://www.unescap.org/STAT/data/statind/pdf/t2_dec04.pdf>, kinuha ng ika-31 ng Enero, 2010.

## MGA PANAYAM

Professor/Dr. David N. Mungai. Personal na Interbyu. 27-28 August 2009. Department of Geography & Environmental Studies, University of Nairobi.

Professor/Dr. Sam O. Owuor. Personal na Interbyu. 27-28 August 2009. Department of Geography & Environmental Studies, University of Nairobi


Instructor/Mr. Romanus O. Opiyo.Personal na Interbyu. 27-28 August 2009. Department of Urban & Regional Planning, University of Nairobi

Theresa Mbatia. Personal (Di-Pormal) na Interbyukatuwang na estudyante. 29 August 2009.University of Nairobi.

Jeanette Elevado Cruz. Personal na Interbyu. Director, HUDCC, Panayam: 2 Mayo 2013, HUDCC Makati.

Mga Empleyado ng Opisina ng Pagpaplano, Lungsod ng Taguig. Personal (Di-Pormal) na Interbyu. 16-20. Enero 2013. Lakbay-Aral sa Bikol.

# ANEKS: MAPA NG METRO NAIROBI




Larawan 1: Lupa para sa komersiyo, industriya, taniman, at ibang gawain.

**Larawan 2.** Mula sa Shisanya, C.A. at Khayesi, M. (2007) “How is Climate Change Perceived in Relation to Other Socioeconomic and Environmental Threats in Nairobi, Kenya?” nasa Climactic Change, Volyum 85, pahina 271-284.




**Larawan 3.**

Mula sa http://mapsof.net/map/metro-manila-map, kinuha noong ika-13 ng Hunyo, 2014.

* * *

Si **José Edgardo A. Gomez, Jr.** ay isang katuwang na propesor na nagtuturo sa SURP at kasalukuyang kinatawan ng Komite sa Wikang Filipino ng nasabing paaralan. Kasama sa mga interes niya sa saliksik ang urbanisasyon, buhay at kultura ng lungsod, at ang kasaysayang urban. Mahilig din siyang sumulat, ngunit ngayon pa lang uli sumubok sa Daluyan, gawa ng patuloy na impluwensiya ng paglipat ng SWF sa gusali ng SURP.